*OFFICIAL USE ONLY

Bauan International Port, Inc.

An ICTSI Group Company

# Bauan International Port Development Project
# Environmental and Social Impact Assessment (ESIA)

*(Executive Summary in Filipino)*

DRAFT

**Version History**

| Version | Date | Subject of Amendment |
|---|---|---|
| V1.0 | January 22, 2026 | Initial disclosure of full draft |

DRAFT

DRAFT

**BUOD NG PROYEKTO**

## 1. Saklaw ng Proyekto

Ang Bauan International Port Redevelopment Project ay isang proyekto para sa pagsasaayos at pagpapalawak ng kasalukuyang pantalan sa Barangay San Andres Uno, Lalawigan ng Batangas. Ang proyekto ay isinasagawa ng Bauan International Port, Inc. (BIPI) at pinamamahalaan ng International Container Terminal Services, Inc. (ICTSI).

Sinasaklaw ng Environmental and Social Impact Assessment (ESIA) ang Phase 1 ng proyekto, na may umiiral nang pahintulot sa ilalim ng Environmental Compliance Certificate (ECC No. 0002-047-215, na inamyendahan noong Agosto 2024). Ang Phase 1 ang kasalukuyang hinihingan ng financing support mula sa Asian Infrastructure Investment Bank (AIIB).

Kasama sa Phase 1 ang mga gawain sa loob ng aprubadong project footprint tulad ng marine at landside port infrastructure, container yards, cargo-handling areas, internal roads, utilities, pati dredging at backfilling works. Ang Phase 2 expansion ay hindi saklaw ng ESIA na ito at sasailalim sa hiwalay na pagsusuri at pahintulot sa hinaharap. Anumang pagbabago sa disenyo o pamamaraan sa loob ng Phase 1 ay rerepasuhin alinsunod sa lokal na EIA process at sa AIIB Environmental and Social Framework (ESF), at maaaring mangailangan ng karagdagang baseline studies at pag-update ng ESMP at/o Resettlement Plan.

Matatagpuan ang proyekto sa isang matagal nang industrial port area sa Batangas Bay, na konektado sa Verde Island Passage (VIP). Batay sa isinagawang baseline surveys, walang coral reefs, seagrass beds, mangroves, o natural na kagubatan sa loob ng project area, na binubuo na ng highly modified port at marine areas. Ang mga sensitibong ecosystem ng Verde Island Passage at ng Bauan Marine Protected Area ay nasa labas ng lugar ng proyekto.

## 2. AIIB Project Classification

Batay sa laki at uri ng proyekto, pati na rin sa mga posibleng environmental at social risks, ang proyekto ay ikinategorya bilang Category A sa ilalim ng AIIB Environmental and Social Framework (ESF). Ibig sabihin nito ay may mga posibleng epekto ang proyekto na maaaring pamahalaan at bawasan sa pamamagitan ng maayos na plano at tamang pagpapatupad.

Dahil dito, inihanda ang isang komprehensibong ESIA na may kasamangEnvironmental and Social Management Plan (ESMP), at isang Resettlement Plan (RP) alinsunod sa AIIB Environmental and Social Standards (ESS1–ESS3).

## 3. Posibleng Epekto sa Kapiligran at Lipunan

Sinuri ng ESIA ang mga posibleng epekto ng proyekto sa lahat ng yugto nito—mula bago magsimula ang construction hanggang operasyon.

### 3.1 Pisikal na Kapaligiran

Sa lahat ng yugto ng proyekto, ang mga pangunahing epekto ay may kaugnayan sa intensification ng industrial port activities sa loob ng umiiral na footprint at sa patuloy na paggamit ng isang developed coastal-industrial area. Sa pre-construction at construction, inaasahan ang pansamantalang disturbance ng reclaimed land, pagtaas ng labo ng tubig (turbidity) at suspended sediments mula sa dredging at marine works, alikabok, ingay, at vibration, at paglikha ng wastewater, solid waste, at hazardous materials.

Sa operational phase, kabilang ang mga patuloy na epekto tulad ng emissions mula sa vessels, cargo-handling equipment, trucks, at standby generators, operational noise, routine wastewater discharges, at ang panganib ng accidental spills na maaaring makaapekto sa lupa, groundwater, at marine waters.

Ang proyekto ay magbubunga rin ng greenhouse gas (GHG) emissions, pangunahin mula sa diesel-powered equipment at sasakyan. Bagama't ito ay lokal at incremental lamang at hindi inaasahang makabuluhan sa rehiyonal o pambansang antas, ang proyekto ay may mga hakbang para mapababa ang emissions intensity, tulad ng paggamit ng fuel-efficient equipment, mas maayos na terminal layout, pinahusay na traffic flow, at pagbawas ng idling. Natukoy rin ang mga climate-related physical risks gaya ng matinding ulan, pagbaha, storm surge, at sea-level rise, na tinutugunan sa pamamagitan ng climate-resilient design at adaptive management measures.

**3.2 Biodiversity (Iba't ibang uri ng buhay sa dagat at lupa)**

Ang proyekto ay hindi saklaw ang protected areas o critical habitats, ngunit ito ay nasa loob ng mas malawak na Verde Island Passage marine corridor. Ang mga posibleng epekto sa biodiversity ay maaaring mangyari sa construction at operation at may kaugnayan sa pagbabago sa kalidad ng tubig, sedimentation, underwater noise, vessel movements, at coastal processes na maaaring makaapekto sa marine at freshwater species sa Batangas Bay at sa Baliti (Tabok) River. Ang mga epekto sa terrestrial biodiversity ay limitado at nakapaloob sa mga disturbance-tolerant species sa loob ng isang highly modified port environment. Anumang pagbabago sa disenyo na may implikasyon sa biodiversity ay sasailalim sa reassessment at karagdagang mitigation measures kung kinakailangan.

**3.3 Lipunan at Ekonomiya**

Ang mga pangunahing social impacts ay pangunahing nangyayari sa pre-construction at construction, kabilang ang land acquisition, paglipat ng informal settler households, pagbili ng lupa mula sa pribadong may-ari, pansamantalang labor influx, pagtaas ng trapiko at community safety risks, at occupational health and safety risks sa mga manggagawa. Ang mga epektong ito ay maaaring magkaiba ang epekto sa kababaihan at kalalakihan, lalo na sa mga pamilyang lilipat, kung saan ang kababaihan ay maaaring makaranas ng mas malaking responsibilidad sa pamilya at mas mataas na vulnerability sa panahon ng transisyon.

Sa kabilang banda, inaasahan din ang positibong socio-economic impacts sa construction at operation, tulad ng paglikha ng trabaho, skills development, livelihood opportunities, mas episyenteng logistics, at mas pinahusay na port services na susuporta sa paglago ng ekonomiya ng rehiyon. Ang gender-responsive measures na nakapaloob sa ESMP at RP ay

layong palakasin ang partisipasyon ng kababaihan at bawasan ang gender-related risks sa buong lifecycle ng proyekto.

**4. Pagtugon sa mga Natukoy na Epekto**

Ang lahat ng natukoy na epekto ay tinutugunan sa pamamagitan ng Environmental and Social Management Plan (ESMP). Kabilang sa mga pangunahing hakbang ang:

- Pagkontrol sa labo ng tubig sa pamamagitan ng silt curtains at maingat na dredging;
- Pagbawas ng alikabok, ingay, at emissions sa construction;
- Maayos na pamamahala ng basura, wastewater, at hazardous materials;
- Spill prevention at emergency response measures;
- Proteksyon at monitoring ng marine environment;
- Occupational health and safety measures para sa mga manggagawa;
- Traffic at community safety management; at
- Patuloy na pakikipag-ugnayan sa komunidad at pagtugon sa mga reklamo (grievance mechanism).

**5. Plano ng Relokasyon**

Kinakailangan ng proyekto ang paggamit ng lupa para sa bagong container yard at quay. Dahil dito, isang Resettlement Plan (RP) o plano ng relokasyon ang inihanda alinsunod sa AIIB ESS2 at sa mga batas ng Pilipinas.

**5.1 Mga Apektadong Tao**

- 131 informal settler households
- 25 private landowners (15 sa marine area at 10 sa Ilaya area)

**5.2 Para sa impormal na naninirahan sa lugar ng proyekto**

- Isang itinakdang residential lot sa Aplaya Relocation Site;
- Pinansyal na tulong sa bawat pamilya;
- Suporta sa paglilipat;

Ang relocation site ay humigit-kumulang 1.3 km lamang mula sa kasalukuyang tirahan upang mapanatili ang kabuhayan at access sa mga serbisyo.

**5.3 Mga Pribadong May-ari ng Lupa**

- Patas na cash compensation (parehas para mga mula sa Marine at Ilaya area);
- Isang itinakdang residential lot sa Aplaya Relocation Site (para sa mga mula sa Marine area lamang);

Kung maaari, ang mga apektadong kabahayan ay bibigyan ng prayoridad sa empleyo sa panahon ng konstruksiyon at operasyon ng pantalan.

**5.4 Buod ng Entitlement Matrix**

| Apektadong Grupo | Uri ng Pagkawala | Karapatan / Benepisyo |
| --- | --- | --- |

| | | |
|---|---|---|
| Mga informal settler household (131) | Pagkawala ng tirahan at paggamit ng lupa | Residential lot sa Aplaya; tulong-pinansyal; suporta sa relokasyon at logistics; access sa mga pinahusay na pasilidad ng komunidad |
| Mga informal settler household | Pagkawala ng kabuhayan | Prayoridad sa empleyo; suporta sa livelihood restoration |
| Mga vulnerable household | Mga panganib sa panahon ng transisyon | Karagdagang tulong at facilitation sa pamamagitan ng LGU at Barangay |
| Mga pribadong may-ari ng lupa – Marine (15) | Pagkawala ng titled land | Patas na cash compensation at residential lot sa Aplaya |
| Mga pribadong may-ari ng lupa – Ilaya (10) | Pagkawala ng titled land | Patas na cash compensation |
| Mga pasilidad ng komunidad | Pagkawala ng mga communal asset | Muling pagtatayo at pag-upgrade sa Aplaya |

## 6. Konsultasyon at Grievance Redress

Isinagawa ang mga LGU at Barangay-led consultations, town hall meetings, household-level engagements, at pamamahagi ng financial assistance noong Hunyo at Hulyo 2025. Bukod dito, public scoping at consultations sa ilalim ng Environmental Performance Report and Management Plan (EPRMP) ay isinagawa bilang bahagi ng Philippine EIS System, na sumaklaw sa umiiral at naunang aprubadong port operations at redevelopment activities. Ang mga konsultasyong ito ay nagsilbing mahalagang batayan sa pagbuo ng environmental at social management measures para sa Phase 1.

May umiiral na Grievance Redress Mechanism (GRM) kung saan maaaring magsumite ng reklamo o katanungan sa pamamagitan ng LGU, Barangay, ICTSI/BIPI, at iba pang itinalagang channel.

Ang impormasyon tungkol sa proyekto, kabilang ang ESIA, ESMP, at RP, ay isinapubliko sa pamamagitan ng LGU at Barangay channels at direktang pakikipag-ugnayan sa mga apektadong tao, alinsunod sa AIIB disclosure requirements.

DRAFT